# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-16 ng Pebrero, 2024

## Magparehistro para Makaboto bago mag Ika-20 ng Pebrero para sa Presidensyal na Primaryang Eleksyon sa Marso

Kung nais ninyong bumoto sa presidensyal na primaryang eleksyon sa Marso, kailangan ninyo magparehistro bago mag Martes, Ika-20 ng Pebrero upang makatanggap ng balota sa koreo. Kung hindi, kakailanganin ninyong pumunta nang personal sa opisina ng Tagapagrehistro sa Kearny Mesa o bisitahin ang isang vote center simula Sabado, Ika-24 ng Pebrero upang magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probsyonal hanggang sa Ika-5 ng Marso .

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay bukas mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa Ika-19 ng Pebrero kung saan ito'y magsasara para sa paggunita sa Araw ng Presidente (Presidents Day). Dahil sa malalaking konstruksyon sa County Operations Center, inirerekomenda sa mga nais bumisita sa opisina ng Tagapagrehistro na maglaan ng karagdagang oras para sa paghahanap ng parking.

Ang pagpaparehistro para bumoto ay mabilis at madali at maaaring gawin online sa sdvote.com. Kakailanganin niyong magparehistro para bumoto kung kayo ay:

- hindi pa rehistrado sa County ng San Diego
- kamakailan lang lumipat
- nagpalit ng pangalan
- nais baguhin ang inyong preperensiya sa pulitikal na partido

Kung ang inyong pirma ay nakumpirma sa mga rekord sa California Department of Motor Vehicles, ang inyong rehistrasyon ay awtomatikong ipadadala sa opisina ng Tagapagrehistro. Kung hindi nakumpirma ang inyong pirma, maaari ninyong i-print ang form, pirmahan ito, at isumite sa opisina ng Tagapagrehistro bago sumapit ang ika-5 ng hapon ng Ika-20 ng Pebrero.

Ang mga porma ng rehistrasyon ay dapat may postmark o maipadala sa opisina ng Tagapagrehistro bago mag Ika-20 ng Pebrero. Ang mga botante ay maaari ring magparehistro online hanggang hatinggabi.

Maaari kayong humiling ng porma ng rehistrasyon kung wala kayong access sa computer. Tumawag lang sa (800) 696-0136 o mag-email sa rovmail@sdcounty.ca.gov.

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-16 ng Pebrero, 2024

Hindi sigurado kung rehistrado kayo para bumoto? I-check ang inyong status ng rehistrasyon sa sdvote.com.

Para sa mga botanteng nangangailangan ng tulong sa wika, ang materyales para sa eleksyon ay available din sa wikang Chinese, Filipino, Spanish, at Vietnamese.

Ang maagang pagboto ay nagsimula na sa opisina ng Tagapagrehistro mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes.

Kung nais ninyong bumoto nang personal at iwasan ang mahahabang pila, 39 na vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon simula Sabado, Ika-24 ng Pebrero.

Sa Sabado, Ika-2 ng Marso, magbubukas ang karagdagang 179 na vote center para sa kabuuang 218. Ang mga lokasyon ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa Ika-4 ng Marso. Sa huling araw ng botohan, Ika-5 ng Marso, lahat ng mga vote center at opisyal na ballot drop box ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Makakahanap kayo ng opisyal na ballot drop box o vote center malapit sa inyo sa inyong pamplet ng impormasyon ng botante, o maaari ninyo itong tingnan online sa sdvote.com.

Kung plano ninyong bumoto para sa presidente, hinihikayat ng Tagapagrehistro na suriin ng mga botante ang mga patakaran ng bawat pulitikal na partido.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa Presidensyal na Primarya sa Marso sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTY NEWS CENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101